# The City Gazette

OFFICIAL ORGAN OF THE CITY GOVERNMENT


## CITY ORDINANCES

### ORDINANCE No. 55

REQUIRING ANY PERSON SELLING SECOND-HAND GOODS TO FURNISH THE VENDEE A RECEIPT CONTAINING THE VENDOR'S SIGNATURE, NAME, AGE, ADDRESS, RIGHT-HAND THUMB MARK, AND THE NUMBER AND PLACE AND DATE OF ISSUE OF HIS RESIDENCE CERTIFICATE, AND REQUIRING THE VENDEE TO SECURE SUCH RECEIPT FROM THE VENDOR, TO KEEP IT AND TO SURRENDER IT UPON DEMAND TO THE POLICE OR ANY OTHER LAWFUL AUTHORITY, AND PROVIDING PENALTY FOR ITS VIOLATION.

BY virtue of the authority conferred upon me as Mayor of the City of Manila, and after consultation with the City Board, it is ordained that:

SECTION 1. It shall be the duty of any person selling second-hand goods or things of any kind or description to furnish the vendee a receipt containing the vendor's signature, name, age, address, right-hand thumb mark, and the number and place and date of issue of his residence certificate. It shall be the duty of the vendee to secure such receipt from the vendor, to keep the same for a period of not less than two years from the date of the purchase, and to surrender it upon demand to the police or any other lawful authority.

Except in the case of sales of second-hand clothes, the requirement of this section as to issuance and keeping of receipt shall not be observed when the selling price is less than one peso.

SEC. 2. Any person who shall violate any provision of this Ordinance shall be punished by a fine of not more than two hundred pesos or by imprisonment for not more than six months, or by both such fine and imprisonment, in the discretion of the court.

SEC. 3. This Ordinance shall take effect on February 26, 1943.

Done at the City of Manila, this 18th day of January, 1943.

(Sgd.) LEON G. GUINTO
*Mayor*

### KAUTUSÁNG BLG. 55

NA NAG-ÁATAS SA SINO MANG TAONG NAGBIBILÍ NG MGA NAGAMIT NANG KASANGKAPAN NA MAGBIGAY SA BUMILÍ NG ISÁNG KATIBAYANG KINALALAGYAN NG LAGDÂ NG NAGBILÍ, PANGALAN, GULANG, TIRAHAN, TATÁK NG HINLALAKÍ NG KANANG KAMÁY, AT NG BILANG AT POÓK AT ARAW NG PAGKAKAKUHA NG KANIYANG KATIBAYAN SA PANÍNIRAHAN, AT NAG-ÁATAS SA BUMILING HINGÍN ANG NÁSABING KATIBAYAN SA NAGBILÍ, UPÁNG MAINGATAN AT MAIPAGKALOÓB SA PULISYA Ó SA SINO MANG ALAGÁD NG BATÁS KUNG HINGIN NILÀ, AT NAGTATADHANÀ NG PARUSA SA DITO'Y PAGLABÁG.

SA bisà ng kapangyarihang kaloób sa aking pagka-Alkalde ng Siyudad ng Maynilà, at matapos makasanggunì sa Lupon ng Siyudad, ay ipinag-úutos na:

TUNTUNING 1. Tungkulin ng sino mang taong nagbibilí ng mga nagamit nang kasangkapan ó paninda kahit na anó ang urì ó ayos ng mga itó, na magkaloób sa bumilí ng isáng katibayang kinalalagyan ng lagdâ ng nagbilí, pangalan, gulang, tinitirhan, taták ng hinlalakí ng kanang kamay, at ng bilang at poók at araw ng pagkakakuha ng katibayan sa panínirahan. Tungkulin namán ng bumibilí na kunin ang násabing katibayan sa nagbilí, upáng itagò ito sa loob ng taning na panahóng dî kúkulangin sa dalawáng taón mulâ sa araw ng pagkakabilí, at upáng maipagkaloób kung hingín ng pulisya ó ng sino mang alagád ng batás.

Matangì sa pagbibilihan ng mga nagamit nang damit, ang iniaatas ng Tuntuning itó ukol sa pagkakaloób at pag-íingat ng katibayan, ay hindî na kailangang sundin kung ang halagá ng biníbilí ay walâ pang piso.

TUNT. IKÁ-2. Sino mang taong lumabág sa alín mang tadhanà ng Kautusáng itó ay parúrusahan ng isáng multang dî híhigít sa dalawáng daáng piso ó ng pagkabilanggong dî híhigít sa anim na buwán, ó ng magkalakip na multa at pagkabilanggô, ayon sa marapatin ng Húkuman.

TUNT. IKÁ-3. Ang Kautusáng itó ay magkakabisà sa iká-26 ng Pebrero, 1943.

Inilagdâ sa Siyudad ng Maynilà, ngayóng iká-18 araw ng Enero, 1943.

(May lagdâ) LEÓN G. GUINTO
*Alkalde*